www.kidworship.kr

# Pinagpala ni Jesus ang Maliliit na Bata

– 3rd Story–



17Page

**NAR** Dumating si Jesus sa isang bario ng mga Judio kasama ang kanyang mga tagasunod para ipangaral ang tungkol  ang paghahari ng Diyos. Maraming tao ang nagtitipon kung saan pumupunta si Jesus. Kasama sa kanila ang mga magulang na dala ang kanilang mga maliliit na anak.

**Parent1** Sa wakas! Dumating din si Jesus sa bario natin.

**Parent2** Anak, halika batiin natin si Jesus at makinig tayo sa sasabihin Niya.

**Child** Yehey!

**NAR** Sabik na sabik ang mga bata na makilala si Jesus.

---



18Page

**NAR** Ayun sya! Andun si Jesus! Nagtalunan ang mga bata at nagtakbuhan papunta kay Jesus. Pero nang subukan ng mga bata na makalapit na mabuti kay Jesus, hinarangan sila pati ang mga  magulang nila ng mga tagasunod.

**Disciple1** Bakit nyo dinadala ang mga bata, nakita nyo na ngang nagtuturo si Jesus? Hindi pwede! Hindi pwede!

**Disciple2** Mag-iingay at manggugulo lang ang mga batang yan. Hindi magu-gustuhan 'yon ni Jesus! Hala, ilayo nyo na sila dito!

**Child** Pero gusto ko ring makita si Jesus....(iyak)

---



19Page

**NAR** Nakita ni Jesus ang lahat at pinagalitan ang mga tagasunod.

**Jesus** “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pigilan, dahil ang mga katulad nila ay kabilang sa kaharian ng Dios.” , 'Sinasabi ko sa inyo ang totoo, ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Dios na gaya ng pagtanggap ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa kaharian ng Dios.”

---



20Page

**NAR** Malugod na tinatanggap ni Jesus ang mga maliliit na bata. Kinakarga Nya sila at pinagpapala.

**Child1** Wow! Ang ganda naman ng balbas mo Jesus!

**Child2** Magkwento ka pa ng isa Jesus!

**Jesus** O sige na nga hahaha!

**NAR** Saanman magpunta si Jesus, malugod Niyang tinatanggap ang mga bata--- hindi Nya iniisip na panggulo sila. Mahal nya ang mga bata at natutuwa Siya sa kanila.